

**Home-Based Feeding**

**Ang MannaPack at iba pang sangkap na gamit sa Supplemental Feeding ay dadalhin sa bahay ng batang naka-enrol sa programa**

## GABAY SA PAGGAMIT NG MANNAPACK

- Ang bawat isang bag ng MannaPack ay makakapagpakain ng
  - 6 na bata sa isang araw, o
  - Isang bata sa loob ng 6 na araw, o
  - 4 na buntis o nanay na nagpapasuso sa isang araw
  - Isang buntis o nanay na nagpapasuso sa loob ng 4 na araw
- Huwag itong hugasan upang hindi mawala ang sustaniya ng pagkain.
- Maaaring lutuin bilang kanin o bilang lugaw o champorado.
- Ihalo sa 1.5 litro o 6 na tasang tubig at pakuluan ng hindi bababa sa 20 minuto.
- Maaari ring isangag upang gawing fried rice. haluan ng gulay at iba pang sangkap.
- Maaari ring ihiwalay ang bigas sa soya (kulay brown) upang isaing ang bigas at isama sa pagluto ng ulam ang soya.

## IBA PANG KAILANGAN TANDAAN

- Patuloy na pakainin ng normal na bilang ang anak. Ang Hapag-Asa ay pandagdag lamang at hindi pamalit sa alinmang pagkain ng bata (almusal, tanghalian o hapunan)
- Kung ang bata ay hindi tumataas ang timbang, alamin ang dahilan. Maaaring may karamdaman ang bata na kailangang maagapan. Ipagbigay alam agad ito sa coordinator.
- Ang MannaPack at iba pang sangkap ay ayon lamang sa pangangailangan ng anak na naka-enrol sa programa.

## LOKAL NA PARTNER

PANGALAN NG PARTNER:

________________________________

ADDRESS AT TELEPONO:

________________________________

________________________________

________________________________

PANGALAN NG COORDINATOR:

________________________________

TELEPONO NG COORDINATOR:

________________________________

**www.hapagasafeeding.com**




# HAPAG-ASA

## FEEDING PROGRAM

### GABAY PARA SA MAGULANG SA PANAHON NG PANDEMYA

## Ano ang HAPAG-ASA Feeding Program?

Ang HAPAG-ASA ay isang programang pangnutrisyon na naglalayong tulungang mapabuti ang kalusugan at kalagayan ng mga batang kulang sa timbang at nutrisyon.

Ang programa, sa pamamagitan ng mga lokal na partner ay nagsasagawa ng mga pagpapakain o supplemental feeding sa mga bata, buntis at nagpapasusong ina na napag-alamang may kakulangan sa wastong nutrisyon at timbang.

Kasama ng mga pagpapakain, ay mga pagbibigay ng kaalaman at impormasyon tungkol sa iba't ibang paksang nauukol sa pagiging magulang, pag-aalaga at tamang pagpapakain sa mga bata, atbp.

## PAANO ISINASAGAWA ANG HAPAG-ASA?

- Pagpili sa mga batang edad 6 na buwan hanggang 12 taong gulang na malnourished batay sa timbang at taas; mga buntis o nagpapasusong ina na kulang sa timbang
- Dagdag na pagpapakain sa mga batang napili nang 1 beses isang araw, 5 araw kada linggo sa loob ng 6 na buwan.
- Paggamit ng MannaPack Fortified Rice - isang food supplement na gawa sa bigas, soya, dehydrated vegetables at multivitamins, sa mga pagpapakain upang mabigyan ng karagdagang sustansiya ang mga napiling bahagi ng feeding

**Dahil sa Pandemiya, ang HAPAG-ASA ay pansamantalang maaaring isagawa sa bahay ng bawat batang kasama sa programa o ang tinatawag na *Home-Based Feeding*. Bilang magulang, kakailanganin po namin ang tulong ninyo.**

## ANO ANG HOME-BASED FEEDING?

- Ito ay pagbibigay pa rin ng Supplemental Feeding o Karagdagang Pagpapakain sa napiling malnourished na bata, subalit ang pagpapakain ay gaganapin sa mismong bahay ng batang kasali sa feeding.
- Ang MannaPack at iba pang sangkap ay ipapamahagi ng coordinator ng programa mula sa parokya, barangay o iba pang lokal na partner ng Hapag-Asa, sa bahay ng mga batang kasali sa programa.
- Ang nasabing coordinator ay bibisita upang magmonitor, isang beses sa kada 1 o 2 linggo ayon sa umiiral na patakaran ng barangay dahil sa quarantine.

## ANO ANG RESPONSIBILIDAD NG MAGULANG SA HOME-BASED FEEDING?

- Lutuin ang MannaPack kasama ang iba pang sangkap para sa pagkain ng anak o mga anak na naka-enrol sa programa.
- Siguraduhing makakain ang bata sa itinakdang mga araw ng pagbibigay ng karagdagang pagkain gamit ang MannaPack.
- Imonitor at itala sa form ang kalagayang pangkalusugan, timbang at taas ng anak habang naka-enrol sa programa.
- Ireport sa coordinator ang naitalang buwanang timbang at taas ng anak.
- Agarang ireport kung may pangangailangang medikal o pangkalusugan ang anak upang makatulong ang coordinator sa pagrefer sa health center o doktor.